



ANG LUNGSOD
NG SAN DIEGO

Abiso sa Pampublikong Pagdinig para sa Mga Panukalang Pagtaas ng Rate ng Tubig

Magsasagawa ang San Diego City Council ng pampublikong pagdinig upang isaalang-alang ang mga panukalang pagtaas ng rate ng tubig. Ang mga interesadong partido ay inaanyayahang dumalo. Basahin sa loob para mas matutunan.

Nobyembre 17, 2015
10:00 a.m.


City Administration Building
202 "C" Street, 12th Floor
Council Chambers

Abiso sa Pampublikong Pagdinig
para sa Mga Panukalang Pagtaas
ng Rate ng Tubig
Impormasyon sa Loob

Ang kasulatan na ito
ay matatagpuan din sa
www.sandiego.gov, sa wikang Tagalog.
Este material está disponible en
español en la página electrónica:
www.sandiego.gov

202 C Street, MS 2P
San Diego, California 92101

THE CITY OF SAN DIEGO



RESORTED
STANDARD
U.S. POSTAGE PAID
SAN DIEGO, CA
PERMIT NO. 9

Magsasagawa ang Konseho ng Lungsod ng San Diego ng pampublikong pagdinig upang isaalang-alang ang mga panukalang pagtaas ng rate ng tubig, sunog, at niresiklong tubig. Isasagawa ang pampublikong pagdinig sa oras, petsa at lugar na tinukoy upang isaalang-alang ang mga posibleng pag-aayos ng mga rate ng Lungsod para sa mga singil nito sa serbisyong tubig. Ang abiso ay ipinadadala sa lahat ng mga nakatalang may-ari ng mga pag-aari kung saan ipatutupad ang mga singil sa serbisyo sa tubig at niresiklong tubig at mga nangungupahan na direktang mananagot sa pagbayad ng mga nasabing singil (iyon ay, mga nakatalang kostumer). Ang mga panukalang mga pag-aayos ng rate ay ilalapat sa lahat ng mga parcel na nakakatanggap ng serbisyong tubig mula sa Lungsod ng San Diego.

Mga Panukalang Pagtaas ng Rate

Dedikado ang Lungsod ng San Diego na magbigay ng maaasahang mga serbisyo sa tubig sa paraang cost-effective habang pinoprotektahan ang ating mga pinagkukunan ng tubig at ang kalusugan ng publiko. Ang Kagawaran ng Pamublikong Utility (Kagawaran) ng Lungsod at nagsusumikap na panatiliing mababa ang mga gastusin hangga't posible, subalit, ang ilang mga gastusin, katulad ng presyo ng pagbili ng inangkat na tubig ay wala na sa kontrol ng Kagawaran. Dahil napakalimitado ng mga lokal na supply ng tubig, kailangang bilhin ng Lungsod ang karamihan sa tubig na tinutustos nito sa mga kustomer nito mula sa San Diego County Water Authority (CWA). Binabatay ng CWA ang anumang pagtaas ng presyo ng inangkat na na tubig sa mga gastos para sa sarili nitong imprastraktura at operasyon at pagmementina. Ang mga pagtaas ng CWA ay sumasalamatin din sa halagang binabayad nito para bumili ng tubig mula sa pinakamalaking sholesaler ng tubig sa rehiyon, ang Metropolitan Water District ng Southern California (MWD). Kapag tinaasan ng CWA ang rate ng tubig nito sa Lungsod, kinakalkula ng Lungsod ang epekto sa kabuuang dolyares, pagkatapos ay ipinapasa ang epekto sa mga nagbabayad ng rate sa pamamagitan ng mga mas mataas na rate.

Samakatuwid, nagpapanukala ang Kagawarang ng limang-taong pag-aayos ng rate para sa Utility na Tubig na sapat na pambayad sa dagdag na halaga ng tubig, ating pantustos na tubig at mga sistema sa paghahatid, at para patuloy na mamentina ang angkop na lebel na pansakop sa serbisyong utang na kailangan para sa ating mga umiiral na mga bond at katayuan sa kredito. Kung ang aktuwal na halaga ng alinman sa mga bahaging ito (hindi kasama ang pagdaan sa CWA) ay mas mababa sa tinatayang halaga nito sa limang taon, ang mga sobrang kita ay ilalaan sa programang Pure Water (malaman ang higit pa sa website ng Purewatersd.org) at ang kailangang mga proyekto sa pagpapahusay ng tustos ng tubig at pagpapahusay ng pamumuhunan tulad ng pinapakita sa Pag-aaral sa Halaga ng Serbisyo.

Ipinapakita ng sumusunod na talahanayan ang mga kabuuang panukalang agtaas na kailangan mula sa mga kita sa rate ng kostumer para sa susunod na limang piskal na taon (PT 2016 hanggang PT 2020). Ang mga pag-aayos ng bill mo ay magiiba-iba depende sa iyong

PT 2016	PT 2017	PT 2018	PT 2019	PT 2020
Mula sa	Mula sa	Mula sa	Mula sa	Mula sa
Enero	Hulyo	Hulyo	Hulyo	Hulyo
2016	2016	2017	2018	2019
9.8%	6.9%	6.9%	5.0%	7.0%

Ang mga panukalang pag-aayos ng rate ng kita ay maaaring maiba dulot ng aktuwal na halaga ng dadaan sa CWA. Ang epekto ng pagtaas ng rate ng CWA na pinapanukalang maipapasa sa mga nagbabayad ng rate ng Lungsod ay 2.5% sa 2017 at 2018, at 3.0% sa 2019. Ipapasa lang ng Lungsod sa mga kustomer nito ang aktuwal na pagtaas na rate na dumaan sa CWA; bagaman hindi kailanman ito lalagpas sa 7.0% kada taon hanggang sa 2019.

klase ng kostumer, laki ng metro ng tubig at paggamit ng tubig sa bawat panahong ng pagsingil.

Ang kakulangan sa supply ng tubig ay patuloy na pangmatagalang alalahanin sa lahat ng mga tagapagtustos ng tubig sa Southern California, kabilang ang CWA. Patuloy pa ring tataas ang presyo ng tubig sa loob ng San Diego County para matugunan ang mga pangangailangan sa rehiyon sa hinaharap. Nagsimula nang pag-iba-ibahin ng CWA ang mga pantustos nito sa tubig para mabawasan ang pag-asa sa tubig na inangkat mula sa Colorado River at sa Sacramento-San Joaquin Bay-Delta. Kasama sa mga porsiyento ng pag-aayos ng rate ay ang mga tinatayang gastos na kaugnay sa pagsusumikap sa pag-iiba at pagiging maaasahan. Kabilang sa isa sa mga istratohiyang ito ay ang Carlsbad Desalination Project, na inaasahang makumpleto sa 2016. Kasama sa mga tinatayang halaga ng San Diego ay ang pagbili ng desalinasyong tubig mula sa proyektong Carlsbad na ito, sa pamamagitan ng CWA, kapag gumagana na ito. Ang isa pang konsiderasyon ay ang unang pagpapatupad ng programang Pure Water na bahagi ng kabuuang Programa sa Pagpapabuti ng Kapital na Tubig ng Lungsod.

Ang epekto ng patuloy na mga paghamon sa pagtustos ng tubig na hinaharap ng Estado ng California ay kasama rin sa mga tinatayang kita at gastos ng Utility ng Tubig. Ang inaatas sa kita sa tubig ng Utility (mga kitang kailangan para matugunan ang mga gastos sa pagpapatakbo, kapital at utang) ay batay sa ilang salik kabilang ang kamakailang mandato ng Estado sa mga pagbabawal sa paggamit ng tubig at sinusustinang pattern sa paggamit ng kustomer bilang tugon sa mga pangangailangan sa pagtitipid. Tulad ng nalalaman ng karamihan sa inyo, nararanasan ng California ang isa sa pinakatuyong panahon sa kasaysayan nito. Dineklara ni Gobernador Jerry Brown ang estado ng emerhensiya sa paggamit ng tubig at makabuluhang pinababawasan sa lahat ng mga taga-California ang paggamit ng tubig. Inaatas ng Estado na bawasan ng Lungsod ng San Diego ang kabuuang konsumo ng 16%. Bilang tugon sa deklarasyong ito, nagtauyod ang California ng mga pang-buong estadong emerhensiyang regulasyon sa pagtitipid ng tubig, at pinalakas ng Lungsod ang mga umiiral nitong Regulasyon sa Emerhensiyang Tubig. Nag-aatas din ang Gobernador ng buwanang pagpapatupad at pag-uulat. Ang mga ahensiya ng tubig sa estado ay nagpapatupad ng mga pamamaraan sa pagtitipid ng tubig para tumupad sa mga regulasyong ito at nakikipagtulungan sa mga kustomer para matulungang mabawasan ang paggamit ng tubig kailanman posible upang mapreserba ang mahalaga at limitadong mapagkukunang ito. Ginagawang prioridad ng Lungsod ng San Diego ang pagtitipid at tinuturing ang mga kustomer nito bilang pinakamahusay nitong kakampi sa pagbuo ng masusustinang kinabukasan.

Ang patuloy na pagtitipid ay magtitiyak na matutugunan ang mga pangangailangan sa tubig ng rehiyon, ngayon, at sa hinaharap. Subalit, ang isang bahagi ng mga gastos ng Utility ng Tubig ng San Diego ay hindi mababago batay sa dami ng tubig na ginagamit ng ating mga kustumer. Ang mga panukalang rate ay makakatulong sa Lungsod na patuloy makalikha ng sapat na kita para patakbuin, pamahalaan at mentinahin ang mga pasilidad at serbisyo nito, kahit na sa mga oras ng minandatuhan ng Estado na mga pagbabawal sa paggamit ng tubig.

Ang Utility ng Tubig ay kasalukuyang nagmementina ng matibay na rating ng kredito mula sa mga ahensiya ng bond rating tulad ng Rating ng Standard & Poor at ng Investors Service ng Moody. Ang pagmementina ng matibay na rating ng kredito ay kailangan para makakuha ng murang agpopondo para sa mga pangangailangan sa kapital sa hinaharap ng Utility ng Tubig. Ang mga panukalang pag-aayos ng rate ay nagsasaalang-alang sa nakatuong ratio ng pagsakop sa serbiyong utang para matugunan ang mga inaatas sa kontrata ng mga may hawak ng bond. Ang pigurang ito ay ang netong kita sa pagpapatakbo ng Utility ng Tubig hinati sa mga taunang bayad sa utang ng Utility sa mga bond at mga utang na ginamit nito para pondihan ang mga kapital ng proyko sa nakaraan. Sa ibang salita, ito ang halaga ng salaping magagamit, matapos mabayaran ang mga gastos sa pagpapatakbo, na gagamitin para bayaran ang taunang mga gastos sa prinsipal at interes.

Binubuo ng dalawang bahagi ang mga rate ng tubig ng Lungsod ng San Diego: Ang Batayang Bayarin (Singil sa Metro) at ang Bayarin sa Kalakal. Ang singil Batayang Bayarin ay halaga na bata sa laki ng metro na dinesenyo para mabawi ang bahagi ng mga pirming halaga Utility, na hindi nagbabago sa dami ng tubig na ginamit ng isang kustomer. Kabilang ngunit hindi limitado sa mga pirming gastos ang imprastraktura, pagbasa ng metro, singil sa kustomer at serbisyo ng utang. Ang Bayarin sa Kalakal ay pinapataw para mabawi ang natitirang pirmi at nagbabagong mga halaga batay sa dami ng tubig na ginamit ng mga kustomer ng sistema ng tubig, kabilang ngunit hindi limitado sa, mga gastos sa pagbili ng tubig at serbisyo ng utang. Ang mga panukalang pagbabago sa rate ay makakaapekto sa Batayang Bayarin at Bayarin sa Kalakal tulad ng pinapakita sa mga talahanayan sa ibaba.

Mga Panukalang Pagtaas sa Batayang Bayarin sa Tubig

Pinapakita ng sumusunod na talahanayan kung paano makakaapekto ang mga panukalang rekomendasyon sa rate ng tubig ang Batayang Bayarin (singil sa metro) para sa mga kustomer ng tubig.

Laki ng Metro	SINGIL NG METRO					
	Mga Kasalukuyang Rate	Mga Panukalang Rate				
		PT 2016	PT 2017	PT 2018	PT 2019	PT 2020
Mula sa Petsang		1/1/16	7/1/16	7/1/17	7/1/18	7/1/19
	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)
5/8", 3/4"	20.31	22.26	24.75	26.05	27.56	29.46
1"	27.51	29.50	32.84	34.61	36.67	39.36
1.5"	43.96	46.04	51.33	54.18	57.49	62.01
2"	64.53	66.72	74.43	78.64	83.52	90.31
3"	112.86	115.32	128.74	136.13	144.70	156.83
4"	181.75	184.59	206.15	218.08	231.90	251.66
6"	352.44	356.23	397.94	421.11	447.97	486.60
8"	558.10	563.03	629.02	665.74	708.28	769.65
10"	798.72	804.98	899.38	951.95	1,012.86	1,100.83
12"	1,483.55	1,493.60	1,668.87	1,766.54	1,879.71	2,043.42
16"	2,580.72	2,596.85	2,901.66	3,071.61	3,268.50	3,553.53

MAHALAGANG TALA: Ang mga pigura sa talahanayan sa itaas ay pinapakita sa buwanang batayan. Karamihan sa mga Isang Pamilyang Residensiyal na kustomer ay may 5/8 na pulgada o 3/4 na pulgadang metro, at nakakatanggap ng singil kada dalawang buwan.

Mga Panukalang Pagtaas sa Bayarin sa Kalakal na Tubig

Isinasalarawan ng sumusunod na talahanayan kung paano makakaapekto ang mga panukalang rekomendasyon sa rate ng tubig ang Bayarin sa Kalakal para sa mga kustomer ng tubig. Ang mga panukalang rate ng kalakal ay pinapakita na may katumpakan hanggang 3 decimal place para maayon sa lebel ng katumpakan para sa pagpasok ng rate at kalkulasyon ng singil sa kustomer sa sistema ng pagsingil ng Mga Solusyon sa Pag-aalaga sa Kustomer ng Mga Pamublikong Utility. Subalit, makikita ng mga kustomer ang mga halaga sa singil na naka-round pataas p pababa sa pinakamalapit na penny. Tandaan na kinakatawan ng isang 'hcf' ang tinatayang 748 galon ng tubig.

Ang mga breakpoint ng antas para sa Isang Pamilyang Residensiyal na kustomer ayon sa pinapakita sa sumusunod na talahanayan ay batay sa buwanang konsumo ng tubig. Ang eksaktong mga breakpoint para sa Isang Pamilyang Residensiyal na kustomer na nakakatanggap ng kada dalawang buwanang singil ay sumusunod: Ang Antas 1 ay hanggang 8.00 hcf, Antas 2 ay 8.01 hanggang 24.00 hcf, Antas 3 ay 24.01 hanggang 36.00 hcf at ang Antas 4 ay anumang konsumo ng tubig na mas mataas sa 36.00 hcf. Para sa Mga Isang Pamilyang Residensiyal na kustomer na nakakatanggap ng mga buwanang singil, ang eksaktong antas ng breakpoints ay: Ang Antas 1 ay hanggang 4.00 hcf, Antas 2 ay 4.01 hanggang 12.00 hcf, Antas 3 ay 12.01 hanggang 18.00 hcf at ang Antas 4 ay anumang konsumo ng tubig na mas mataas sa 18.00 hcf.

Klase	Mga Kasalukuyang Rate	RATE NG KALAKAL				
		Mga Panukalang Rate				
		PT 2016	PT 2017	PT 2018	PT 2019	PT 2020
Mula sa Petsang		1/1/16	7/1/16	7/1/17	7/1/18	7/1/19
	\$/hcf	\$/hcf	\$/hcf	\$/hcf	\$/hcf	\$/hcf
Isang Pamilya						
Antas 1 (0-4 HCF)	3.896	4.240	4.443	4.770	5.042	5.385
Antas 2 (5-12 HCF)	4.364	4.754	4.976	5.342	5.647	6.031
Antas 3 (13-18 HCF)	6.234	6.791	7.108	7.632	8.067	8.616
Antas 4 (19+ HCF)	8.766	9.550	9.996	10.732	11.344	12.117
Mga Ibang Domestiko						
Hindi Residensiyal	4.650	5.125	5.365	5.763	6.091	6.515
Konstruksiyon	4.947	6.023	6.316	6.795	7.183	7.727
Irigasyon	4.947	5.666	5.941	6.390	6.755	7.256

Halimbawa ng Singil sa Isang-pamilya: Ang panukalang pag-aayos sa Enero 1, 2016 ay mabisang magtataas ng mga kabuuang rate ng tubig para sa karaniwang Isang Pamilyang Residensiyal na kustomer na gumagamit ng 12 HCF/buwan ng tinatayang 9.10% (\$6.44 kada buwan). Ang eksaktong halaga ng dagdag ay magbabago-bago sa mga kustomer dahil sa nag-iibang lebel ng pagkonsumo ng tubig.

Karaniwang Kalkulasyon ng Singil sa 12 HCF kada Buwan		
Pagsasalarawan	Kasalukuyang Singil	Panukala 1/1/2016
Isang-pamilya na may 3/4" na Metro	\$70.81	\$77.25
Pag-aayos		9.10%

TALA: Sinisingil ng Lungsod ang karamihan sa Isang Pamilyang Residensiyal na kustomer nito sa batayang kada dalawang buwan. Nangangahulugan ito na ang bawat singil na natatanggap ng mga kustomer na ito ay may kasamang mga singil sa dalawang buwang serbisyo.

Pinapakita sa sumusunod na talahanayan ang panukalang Mga Singil para sa Sunog para sa mga ari-ariang gumagamit ng pribadong lead line ng proteksiyon sa sunog na hiwalay sa pangunahing linya ng tubig ng ari-arian. Kung walang pribadong line lead ang pag-aari mo para sa sunog, hindi ka sasailalim sa singil na ito.

Mga Panukalang Pagtaas sa Singil sa Serbisyo sa Sunog

Laki ng Linya ng Sunog	Mga Kasalukuyang Rate	PROTEKSIYON SA SUNOG				
		Mga Panukalang Rate				
		PT 2016	PT 2017	PT 2018	PT 2019	PT 2020
Mula sa Petsang		1/1/16	7/1/16	7/1/17	7/1/18	7/1/19
	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)
1"	2.58	2.82	3.23	3.62	3.85	4.43
1.5"	2.58	2.82	3.23	3.62	3.85	4.43
2"	4.00	4.37	5.01	5.61	5.97	6.87
3"	15.50	16.92	19.38	21.72	23.10	26.58
4"	19.82	21.63	24.77	27.77	29.53	33.98
6"	29.27	31.95	36.60	41.01	43.62	50.19
8"	41.34	45.12	51.68	57.92	61.60	70.88
10"	53.41	58.29	66.76	74.83	79.58	91.57
12"	63.74	69.57	79.68	89.31	94.98	109.29
16"	103.35	112.80	129.20	144.80	154.00	177.20
20"	128.67	140.44	160.85	180.27	191.73	220.61

Mga Rate ng Pagdaan batay sa Mga Halaga sa Pagbili ng Tubig ng CWA

Tulad ng naitala kanina, bumibili ang Lungsod ng mas malaking bahagi kung hindi lahat ng tustos ng tubig ay mula sa CWA sa pamamagitan ng MWD. Ang kakulangan sa tustos ng tubig sa buong estado at rehiyon ay nakaapekto sa halaga ng inangkat na tubig at pagkakaroon ng mga tustos ng tubig. Sa panahon ng kakulangan ng tubig, maaaring magtaguyod ang MWD ng mga alokasyon ng tustos ng tubig para sa dami ng tubig na ihahatid ng MWD sa CWA at mga ibang ahensiya ng tingian ng tubig. Kung nalalagpasan ng Lungsod ang nauukol na dami ng tubig na bibilhin, maaaring magpataw ang MWD ng mga dagdag na singil o multa sa CWA para sa binibili nitong tubig na ipapasa sa Lungsod. Bilang karagdagan sa anumang karagdagang singil ng MWD na maaaring ipatupad, umaasa ang Lungsod na maaaring dagdagan ng MWD at CWA ang mga rate ng wholesale na binentang tubig at inihatid sa Lungsod at maaaring magpataw ng mga ibang singil sa Lungsod na kaugnay ng wholesale na serbisyo ng tubig. Ang halaga ng tubig na binili mula sa CWA alam para sa 2016, subalit, ang mga halaga para sa tubig na binili sa mga taong 2017 hanggang 2019 ay ineestima. Ang mga estima ay kasama bilang mga salik sa mga panukalang pagtaas ng rate. Ang epekto ng pagtaas ng rate ng CWA sa Lungsod ay tinatayang 2.5% sa 2017, 2.5% sa 2018, at 3.0% sa 2019. Sakaling ang epekto ng bawat taunang pagtaas ng rate ng CWA sa Lungsod ay iba sa mga tinayang halaga na isinalarawan sa itaas para sa mga taong 2017 hanggang 2019, ipapasa lang ng Lungsod ang aktuwal na epekto ng pagtaas ng rate ng CWA sa nagbabayad ng rate, hanggang sa maximum na 7.0% para sa bawat isa sa mga taong ito.

Kung ang epekto ng pagtaas ng rate ng CWA sa mga nagbabayad ng rate ng Lungsod ay maging 7.0% sa mga taong 2017 hanggang 2019, ang mga sumusunod na rate ayon sa mga takahanayan sa kanan ay maaaring ipatupad ng Lungsod. Kung ang mga epekto ng pagtaas ng CWA sa mga nagbabayad ng rate sa Lungsod ay nasa halagang mas mataas sa 7.0%, hindi ipatutupad ng Lungsod ang mga rate na mas mataas sa mga pinapakita sa mga talahanayang ito.

Bago ipatupad ang anumang Idadaang Pag-aayos sa mga rate, magbibigay ang Lungsod sa lahat ng mga kustomer ng abiso ng pag-aayos nang hindi bababa sa 30 araw bago ang petsa ng bisa nito. Lalabas ang abisong ito sa iyong statement ng pagsingil o sa pamamagitan ng direktang mail na abiso.

Mga Panukalang Pagtaas ng Batayang Bayarin ng Tubig sa Maximum na 7.0% CWA na Dadaan

Laki ng Metro	SINGIL NG METRO		
	Mga Panukalang Rate		
	PT 2018	PT 2019	PT 2020
Petsa ng Bisa	7/1/17	7/1/18	7/1/19
	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)
5/8", 3/4"	27.37	31.42	35.54
1"	36.45	42.00	47.73
1.5"	57.21	66.18	75.58
2"	83.16	96.40	110.39
3"	144.13	167.43	192.20
4"	231.06	268.68	308.82
6"	446.42	519.53	597.75
8"	705.89	821.77	945.87
10"	1,009.47	1,175.38	1,353.17
12"	1,873.51	2,181.81	2,512.39
16"	3,257.79	3,794.22	4,369.58

Mga Panukalang Pagtaas ng Bayaring Kalakal ng Tubig sa Maximum na 7.0% CWA na Dadaan

Klase	RATE NG KALAKAL		
	Mga Panukalang Rate		
	PT 2018	PT 2019	PT 2020
Petsa ng Bisa	7/1/17	7/1/18	7/1/19
	\$/hcf	\$/hcf	\$/hcf
Isang Pamilya			
Antas 1 (0-4 HCF)	5.001	5.404	5.954
Antas 2 (5-12 HCF)	5.601	6.052	6.668
Antas 3 (13-18 HCF)	8.001	8.646	9.526
Antas 4 (19+ HCF)	11.252	12.159	13.396
Mga Ibang Domestiko	6.045	6.526	7.198
Hindi Residensiyal	5.900	6.384	7.024
Konstruksiyon	7.127	7.653	8.471
Irigasyon	6.700	7.204	7.967

Mga Panukalang Pagtaas ng Singil sa Serbisyo sa Sunog sa Maximum na 7.0% CWA na Dadaan

Laki ng Linya ng Sunog	PROTEKSIYON SA SUNOG		
	Mga Panukalang Rate		
	PT 2018	PT 2019	PT 2020
Petsa ng Bisa	7/1/17	7/1/18	7/1/19
	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)
1"	3.83	4.19	5.00
1.5"	3.83	4.19	5.00
2"	5.94	6.49	7.74
3"	22.98	25.13	29.98
4"	29.37	32.13	38.32
6"	43.39	47.46	56.60
8"	61.27	67.02	79.94
10"	79.16	86.59	103.27
12"	94.47	103.34	123.25
16"	153.18	167.56	199.84
20"	190.70	208.61	248.80

Tulad ng naunang tinala, hindi pa nagpapatupad ang MWD at CWA ng nasabing pagtaas lagpas sa taon ng kalendaryong 2016. Ang pagtaas sa rate ng pagdaan ay sa pangkalahatang taun-taong aprubado ng CWA sa Hunyo. Kapag naaprubahan ito, rerepasuhin ng Lungsod ang pinansiyal na epekto ng pagtaas ng rate ng pagdaan at aalamin ang aktuwal na kitang inaatas na kailangan para lamang sa bahaging ito. Ang pagdaan sa CWA ay maaaring lumagpas sa 2.5% sa anumang taon subalit ang maximum na halagang ipadadaan ng Lungsod sa mga kustomer ng tubig ay hindi lagapas sa 7.0% kada taon hanggang 2019. Pinoprotektahan ng Lungsod ang mga kustomer ng tubig sa pamamagitan ng paglimita sa potensiyal na pagtaas ng CWA sa Lungsod at sa mga kustomer nito nang hindi hihigit sa 7.0%. Bago ipatupad ang anumang Idadaang Pag-aayos sa mga rate, magbibigay ang Lungsod sa lahat ng mga kustomer ng abiso ng pag-aayos nang hindi bababa sa 30 araw bago ang petsa ng bisa nito. Lalabas ang abisong ito sa iyong statement ng pagsingil o sa pamamagitan ng direktang mail na abiso.

Niresiklong Tubig

Ang niresiklong tubig ay mahalagang pinagmulan ng tustos ng tubig para sa Lungsod ng San Diego. Habang hindi ito maiinom (potable), angkop ito para sa irigasyon, mga ornamental pond at fountain, pansupil ng alikabok sa lugar ng konstruksiyon at pagsiksik ng lupa, pagwalis ng kalye, mga industriyang proseso at ibang mga hindi-pang-inom na layunin. Nabebenepisyuhan ng

resiklong tubig ang lahat ng mga kustomer ng serbisyo ng tubig ng Lungsod sa pamamagitan ng pagbabawas sa dami ng maiinom na tubig na kundi ay ilalapat sa mga pangangailangan sa irigasyon at industriya.

Noong 2001, itinakda ng Lungsod ang mga rate ng niresiklong tubig para magtaguyod ng mas mataas na pangangailangan para sa niresiklong tubig, sa gayon ay pinabababa ang mga pangangailangan sa maiinom na tustos. Ang kasalukuyang rate ng kalakal ng tubig ay \$0.80/HCF. Hindi pa tumaas ang rate na ito mula 2001, habang ang mga rate ng maiinom ay makabuluhang tumaas sa balangkas ng panahong ito. Pinapanukala na ngayon ng Lungsod na ayusin ang mga singil sa metro ng niresiklong tubig at mga rate ng kalakal para masakop ang mga patuloy na gastos sa serbisyo sa hinaharap para maglaan ng ibebentang niresiklong tubig.

Ang mga panukalang singil sa metro ng niresiklong tubig ay ipinapakita sa sumusunod na pahina. Ang mga panukalang singil ay batay sa serbisyo sa kustomer, mga serbisyo ng metro at mga gastos sa pagsingil. Katulad ng halaga ng pagsusuri ng serbisyo para sa mga singil sa metro ng maiinom na tubig, ang mga singil na ito na kaugnay ng metro ay tinuturing bilang mga pirming gastos at inaaloka sa bawat kategorya ng laki ng metro batay sa kapasidad na laki ng metro ng kustomer.

Para sa rate ng kalakal, nagpapanukala ang Lungsod ng dalawang alternatibo. Ang unang alternatibo ay ang hindi nagbabagong rate ng kalakal (Unitary Rate) na ilalapat sa lahat ng mga kustomer ng niresiklong tubig sa lugar ng serbisyo ng niresiklong tubig ng Lungsod. Ang bagong panukalang kinalkulang Unitary Rate para sa Enero 1, 2015 ay \$1.73/HCF. Isinasaalang-alang ang pangalawang alternatibo, isang istraktura ng Zonal Rate. Sa alternatibong ito, magkakaroon ng dalawang sona sa loob ng lugar ng serbisyo ng niresiklong tubig ng Lungsod: North City at South Bay. Ang bawat sona ay magkakaroon ng hiwalay na rate batay sa mga istraktura ng gastos na kaugnay ng bawat sona (tingnan ang mga designasyon ng Zip Code sa talahanayan sa sumusunod na pahina upang matukoy kung saang sona naroon ang address ng iyong pag-aari/serbisyo). Ang panukalang kinalkulang rate ng sona para sa North City para sa Enero 1, 2015 ay \$2.14/HCF at ang panukalang rate para sa sonang South Bay ay \$1.17. Ang bawat istraktura ng rate ng kalakal ay batay sa mga gastos sa operasyon at pagmementina, paggamot, mga pagpapahusay sa kapital at bahagi ng mga nakametro ng serbisyo ng sistema ng niresiklong tubig.

Ang mga alternatibo sa panukalang rate ng kalakal ay ipinapakita sa susunod na pahina. Ang mga rate na ito, kasama ang mga singil ng metro, ay susuriin muli sa 2020. Bagaman ang mga panukalang rate ng kalakal ay sumasalamin sa makabuluhang pagtaas, ang mga rate ng niresiklong tubig ay makabuluhan pa ring mas mababa sa mga rate ng maiinom, ayon sa isinasalarawan sa abisong ito. Ang pagtaas sa kita mula sa mga rate at singil sa niresiklo ay gagamitin para ma-offset ang kitang kailangan mula sa mga rate ng maiinom na netong benepisyo sa mga kustomer ng maiinom na tubig ng Lungsod.

Mga Pag-aayos sa Batayang Singil sa Niresiklong Tubig

Laki ng Metro	SINGIL NG METRO SA NIRESIKLONG TUBIG					
	Mga Kasalukuyang Rate	Mga Panukalang Rate				
		PT 2016	PT 2017	PT 2018	PT 2019	PT 2020
Mula sa Petsang		1/1/16	7/1/16	7/1/17	7/1/18	7/1/19
	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)	(\$/buwanan)
1"	8.63	21.55	21.55	21.55	21.55	21.55
1.5"	43.27	39.05	39.05	39.05	39.05	39.05
2"	65.96	60.06	60.06	60.06	60.06	60.06
3"	246.93	126.52	126.52	126.52	126.52	126.52
4"	411.53	224.50	224.50	224.50	224.50	224.50
6"	925.93	493.94	493.94	493.94	493.94	493.94
8"	1,234.59	843.86	843.86	843.86	843.86	843.86
10"	1,646.12	1,333.75	1,333.75	1,333.75	1,333.75	1,333.75

Mga Panukalang Pagtaas ng Bayarin sa Niresiklong Tubig (Alternatibo sa Unitary Rate)

Klase	Rate ng Kinalakal na Niresiklong Tubig					
	Mga Kasalukuyang Rate	Mga Panukalang Rate				
		PT 2016	PT 2017	PT 2018	PT 2019	PT 2020
Mula sa Petsang		1/1/16	7/1/16	7/1/17	7/1/18	7/1/19
	\$/hcf	\$/hcf	\$/hcf	\$/hcf	\$/hcf	\$/hcf
Unitary Rate	0.80	1.734	1.734	1.734	1.734	1.734

Panukalang Bayarin sa Kalakal na Niresiklong Tubig (Alternatibo sa Zonal Rate)

Klase	Rate ng Kinalakal na Niresiklong Tubig					
	Mga Kasalukuyang Rate	Mga Panukalang Rate				
		PT 2016	PT 2017	PT 2018	PT 2019	PT 2020
Mula sa Petsang		1/1/16	7/1/16	7/1/17	7/1/18	7/1/19
	\$/hcf	\$/hcf	\$/hcf	\$/hcf	\$/hcf	\$/hcf
North City (Nagseserbisyo sa mga Zip Code na: 92037, 92109, 92111, 92117, 92121, 92122, 92126, 92127, 92128, 92129, 92130 & 92131)	0.80	2.138	2.138	2.138	2.138	2.138
South Bay (Nagseserbisyo sa Mga Zip Code na: 92105 & 92154)	0.80	1.173	1.173	1.173	1.173	1.173

Mas maraming impormasyon ang makukuha sa www.sandiego.gov/water o sa (619)578-5550.

Maaari Mong Labanan ang Mga Panukalang Pagtaas ng Rate

Maaari mong gamitin ang form sa abisong ito para irehistro ang protesta mo laban sa mga panukalang pag-aayos ng rate ng tubig, sunog at niresiklong tubig. Maaari mo ring piliing sumulat ng liham sa Lungsod, kasunod ng mga inaatas sa ibaba, o dumalo sa pampublikong pagdinig na nakalista sa harapang takip ng abisong ito para isumite ang nakasulat mong protesta.

Paano ako makalalahok?

Ang mga interesadong partido ay maaaring magkomento sa mga panukalang rate. Pinagbabawal ng Konstitusyon ng California Artikulo XIII D seksiyon 6 (Panukala 218) ang lungsod na magpatupad ng mga bagong rate kung ang karamihan sa mga apektadong may-ari ng ari-arian o mga nangungupahan ay magsampa ng mga nakasulat na protestang kumalaban sa mga rate bago ang katapusan ng pampublikong pagdinig. Isang nakasulat na protesta lang kada apektadong ari-arian ay mabibilang patungo sa protesta ng karamihan. Ang mga nakasulat na protesta ay dapat matanggap ng City Clerk, City of San Diego, Mail Station No. 2P, City Administration Building, 202 C Street, San Diego, CA 92101, bago ang katapusan ng pampublikong pagdinig na nakatakda sa 10:00 a.m., Nobyembre 17, 2015. Ang bawat protesta ay dapat kumilala sa apektadong ari-arian (ayon sa address sa kalye o Numero ng Parcel ng Assessor) at kasama ang lagda ng may-ari ng pag-aari o nakatalang kustomer ng utility. Sa pagtupad sa Proposisyon 218, ang mga e-mail na protesta ay hindi tatanggapin. Hindi rin tatanggapin ang mga fax na protesta. Bagaman ang mga oral na komento sa pampublikong pagdinig ay hindi kuwalipikado bilang mga pormal na protesta maliban kung may kasamang nakasulat na protesta, tinatanggap ng Konseho ng Lungsod ang input mula sa komunidad sa pampublikong pagdinig.

Ang ilang mga kustomer ay makakatanggap ng maramihang abiso

Upang matiyak na lahat ng mga taga-San Diego ay naabisuhan tungkol sa posibleng pagtaas ng rate ng tubig, sunog at niresiklong tubig, ang Mga Abisong ito ay ipinadala sa lagat ng mga kustomer ng tubig ng Lungsod ng San Diego. Kung responsible ka sa mahigit sa isang singil, makakatanggap ka ng mahigit sa isang Abiso, pero isang nakasulat na protesta sa bawat apektadong ari-arian ang mabibilang patungo sa protesta ng mayorya.



GAMITIN ANG FORM NA ITO PARA IPROTESTA ANG MGA PANUKALANG PAGTAAS NG RATE NG TUBIG

Ako, si _____ ay tumatangi sa panukalang pagtaas ng mga rate ng tubig, sunog at niresiklong tubig na ito.
(I-print ang pangalan at apelyido)

Address ng Pag-aari o
Numero ng Parcel ng Assessor: _____

Lagda: _____

*Kung nais mong gamitin ang form na ito bilang protesta mo, mangyaring punan at i-mail sa isang may selyong sobre sa:
City Clerk, City of San Diego, City Administration Building, 202 C Street, MS 2P, San Diego, CA 92101 o ihatid ito sa
City Clerk bago ang katapusan ng Pampublikong Pagdinig sa Nobyembre 17, 2015.*

Makukuha ang impormasyong ito sa mga alternatibong format kapag hiniling, ayon sa Americans with Disabilities Act (ADA), sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa City Clerk sa (619) 533-4000 [TTY (619) 236-7012] o sa cityclerk@sandiego.gov. Ang mga hiling para sa kaugnay ng kapansanang mga pagbabago o akomodasyong kailangan para padaliin ang paglahok sa pulong, kabilang ang mga hiling sa mga auxiliary na tulong, serbisyo o mga tagapagsaling-wika ay nangangailangan ng magkakaibang paunang oras, sumasakop mula sa limang araw na may trabaho hanggang dalawang linggo. Pakitandaan ito at magbigay ng kasing dami ng posibleng paunang abiso upang matiyak ang pagkakaroon.